



Kuwento ni:
GALCOSO C. ALBURO
Guhit ni:
MARY JANE B. ROLDAN

**Treasury of Storybooks**

*This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education.*

*Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in collaborative assemblies and in meeting of public character.*

*For the purpose of citation, below is recommended.*

*Galcoso C. Alburo. Basa Trip, DepEd-BLR, 2022*

**Mga Kasanayan sa Filipino 6 na akma sa kuwento:**


1. Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon (F6TA-0a-j-3)
2. Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan (F6PB-Ia-1)
3. Nabibigyang kahulugan ang mga salitang hiram (F6PT-Ii-4.2)
4. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng nakalarawang balangkas (F6PB-Ib-5.4)
5. Naibibigay ang kahulugan ng pamilyar at di kilalang salita sa pamamagitan ng gamit sa pangungusap (F6PT-Id-1.14)
6. Nagmumungkahi ng iba pang pangyayari na maaaring maganap sa binasang teksto (F6PB-Id-20)
7. Naibibigay ang kahulugan ng pamilyar at di kilalang salita sa pamamagitan ng pag-uugnay sa ibang aralin (F6PT-If-1.16)
8. Nasasagot ang mga tanong na bakit at paano sa kuwento (F6PB-If-3.2.1)
9. Nakapagbibigay ng angkop na pamagat sa binasang talata (F6PB-Ig-8)
10. Nagbabago ang dating kaalaman batay sa natuklasan sa teksto (F6PB-Ij-15)
11. Nabibigyang kahulugan ang idyoma o matalinghagang salita (F6V-IIf-4.4)
12. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa pamamagitan ng pamatnubay na tanong (F6RC-IIe-5.2)
13. Nakapagbibigay ng sariling hinuha bago, habang at matapos ang pagbasa (F6PB-IIIf-24)
14. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa pamamagitan ng dugtungan (F6PB-IIIh-5.5)
15. Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan (F6PB-Iva-1)
16. Nasusuri ang pagkakaiba ng kathang-isip at di-kathang-isip na teksto (F6PB-IVc-e-22)
17. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento (F6PB-IV-f-5.6)

**DEVELOPMENT TEAM**

**Kuwento ni: Galcoso C. Alburo**
**Guhit ni: Mary Jane B. Roldan**
SDO-Marikina LR EPS: Ivy Coney A. Gamatero
Chief Education Supervisor: Joseph T. Santos
SDO-Marikina Schools Division Superintendent: Sheryll T. Gayola
DepEd-NCR Learning Resource Manager: Dennis M. Mendoza
Regional Director: Wilfredo E. Cabral, CESO III



**B***ad trip* na naman si Dindo. Isang buwan na siyang laging ganito ang pakiramdam. Nakabusangot ang kaniyang mukha na nakakubli sa kulay asul na *surgical mask* habang papasok ng paaralan. Tadyak dito, tadyak doon. Sinisipa niya ang bawat bagay na madaanan sa kalye. Sa totoo lang, ayaw na niyang mag-aral, takot lamang siyang masinturon ng kaniyang tatay kaya siya napipilitang pumasok. Nagsimula ang lahat ng ito noong ikalawang linggo ng kanilang *partial face-to-face classes*, nang patayuin siya ng kaniyang buntis na guro para magbasa.



"Ah, ah, ah, mam ano po, ah, ah," nauutal na sabi ni Dindo. "Dindo, pakibilisan mo. Mapapaanak ako sa'yo nang wala sa oras eh. Sige, basahin mo."

Mabilis na nakaisip ng dahilan si Dindo. Nagpaalam ito sa guro na pupunta siya ng CR.

"Mam, pogi lang 'yang si Dindo pero hindi marunong magbasa 'yan, *promise*," wika ng isa sa kaniyang mga pilyong kaklase.

Namula si Dindo sa narinig. Nanlisik ang kaniyang mga mata saka lumabas ng klase. Hindi nakaligtas sa guro ang pamumula at panlilisik ng kaniyang mga mata.

"Di naman, nahihiya lang si Dindo," maagap na pagtatanggol ng guro habang panay ang himas sa kaniyang tiyan at balakang na tila may nararamdamang sakit.

"Ahhhhh, aray! Ang tiyan ko." Namimilipit na sabi ng guro. "Pakitawag si *nurse* Aila, manganganak na yata ako," utos ng guro sa presidente ng klase.

Ilang sandali lang at naisakay na ng *nurse* sa *wheelchair* ang malapit nang manganak na guro. Di magkamayaw ang mga estudyante. Napagbalingan nilang takutin ang papasok na sa silid-aralan na si Dindo.

“Lagot ka Dindo, napaanak bigla si Mam. Ikaw kasi ayaw mong magbasa, o baka naman kasi di ka talaga marunong magbasa?” Wika ng pinakamatanggad na babae sa klase.



“Oo nga pre, paano ka makakagradweyt niyan sa *grade six*?” Sabat ng isa.

Hindi pinansin ni Dindo ang panunukso ng mga kaklase. Ipinakita niyang hindi siya apektado sa mga pinagsasabi nila.

Maya-maya lamang ay dumating ang prinsipal at ipinakilala si Sir Bob Garza na magiging pansamantalang guro nila sa Filipino kapalit ni Ginang Clemente. Kilala si Sir Bob sa iskul dahil sa pagiging palangiti at pamimigay ng gulay mula sa kaniyang *hydroponics gardening* sa paaralan. Hindi mababakas sa itsura ng guro ang edad na animnapu dahil sa pagiging masayahin nito. Sabi ng marami, madali daw lapitan si Sir Bob. Lihim na nakaramdam ng tuwa si Dindo. Maglalakas loob siyang sabihin dito ang kaniyang problema. Nagdaan ang ilang linggo sa klase, napatunayan ni Dindo na mabait si Sir Bob ngunit hindi siya makakuha ng tamang pagkakataon para sabihin sa guro ang kaniyang lihim. Sikretong unti-unti at tuluyang umagaw sa kaniyang interes para pumasok sa klase at mag-aral.

Bagamat mabigat ang loob ni Dindo na pumasok, pinipilit pa rin niya dahil sa ama. Pang-isang buwan na ni Sir Bob sa klase nina Dindo. Sobrang kuwela ni Sir sa kaniyang pagtuturo. Tuwang-tuwa naman ang buong klase. Iyon na yata ang pinakamasayang klase ng kanilang seksiyon. Lahat ay nabigyan ng pagkakataong magsalita. Lahat ay nakangiti ngunit dama ang biglang pagkalungkot sa mukha ng ilan sa likod ng kanilang mga *mask*, nang sabihin ng guro na basahin nang dugtungan ang buod na nakasulat sa *Manila Paper*. Bawat mag-aaral ay magbabasa ng isang pangungusap. Ilang sandali pa, kalahati na ang nababasa ng klase. Namumula at nag-

aalumpihit na naman si Dindo. Isa siya sa mga nalungkot ang mukha sa klase. Sampung pangungusap na lang at siya na ang susunod.

Sampu.

Siyam.

Walo.

Pito . . . nang biglang tumunog ang *bell*.

"Kringgggggggggggggg!"



Hudyat ng pagtatapos ng kanilang klase. Nakahinga nang maluwag si Dindo.

"*Saved by the bell* ka Dindo," pang-aasar ng kanilang presidente sa klase.

Tulad ng dati, *deadma* lang si Dindo sa sinabi ng kamag-aral. Kaagad na naghanda ang klase para sa uwian bukod sa grupo ni Dindo na nakatokang maglinis ng kanilang silid-aralan. Makalipas ang ilang sandali ay natapos nila ang paglilinis. Isa-isa nang umuwi ang mga *cleaner* maliban kay Dindo. Parang may kung anong bigat ang pumipigil sa kaniyang mga paa para umalis ng silid.


"O, Dindo, ano pang hinihintay mo? Umuwi ka na. Mag-isa ka na lang dito," wika ni Sir Bob.

"Ah, *sir*, dito lang muna po ako. Hinihintay ko lang po, ah hinihintay ko lang po ang kapatid ko," wika nito na nagsisinungaling dahil wala naman talaga siyang kapatid sa paaralan.

"O, sige, mauuna na ako," sabi ni Sir Bob sabay ngiti kay Dindo.

Sinundan ng tingin ni Dindo ang guro na akala niya'y papunta ng *faculty room* ngunit ibang dako ang tinutungo nito. Sinundan ni Dindo nang palihim ang guro. Nakita niyang nagpunta ito sa *hydroponics garden* sa likod ng pangalawang gusali mula sa kanilang silid-aralan. Mula sa malayo ay nakikita ni Dindo ang guro. Matagal itong nakatayo. Hindi nakatingin sa kaniyang mga pananim na Petsay at Mustasa kundi sa malayo, sa kawalan. Ilang sandali pa,

naupo si Sir Bob sa isang bangkito saka nagtanggal ng kaniyang *mask*. Natambad kay Dindo ang mukha ng guro. Malungkot ito. Ngayon lang niya nakita ang ganitong itsura ng guro, kakaiba sa




nakikita ng lahat. Tila ito may mabigat na problema. Sinabunutan nito ang sariling buhok saka bumunot nang napakalalim na buntong hininga.

“Kasing bigat kaya ng problema ko ang problema ni *Sir*?” Tanong ni Dindo sa sarili.

Gusto na nitong umalis sa lugar nang bigla niyang nasagi ang isang lumang yero na nakasandal sa pader. Lumikha ito ng ingay kaya nagpasya siyang tumakbo. Huli na bago siya makalayo. Nasa harapan na niya si Sir Bob. Nakangiti ito.

“Anong ginagawa mo dito, Dindo? Akala ko umuwi ka na kasama ng kapatid mo?”

“Ah, *sorry* po *sir*. Wala po talaga akong kapatid. *Sorry* po nagsinungaling ako sa inyo. Saka *sorry* din po sinundan ko po kayo dito.”

“Ganun ba, wala ‘yon.”

“Ah, *sir,* may sasabihin po ako sa inyo. Ayoko na pong pumasok sa klase, kaso natatakot ako na masinturon ni Tatay kaya napipilitan akong pumasok,” walang kagatol-gatol na wika ni Dindo.

“Ba’t ayaw mo ng pumasok? May problema ba? Di ka ba masaya sa klase natin?”

“Masaya naman *sir* kaso, hindi palagi. Kagaya kanina, buti na lang tumunog ang *bell,* kung hindi mapapahiya na talaga ako sa klase. Mabubuking nila na. . .”

“Na hindi ka marunong magbasa?” Maagap na dugtong ng guro.

“Ho? Paano n’yo po nalaman?”

“Sinabi na sa akin ni Ginang Clemente, noong araw na manganganak na siya. Bago siya isinakay sa ambulansya ay ibinulong niya sa akin ang kalagayan mo kaya ako ang pinili niyang maging *substitute teacher* n’ya sa inyo,” paliwanag ng guro nang nakangiti kay Dindo.

Hindi malaman ni Dindo kung ano ang isasagot sa guro. Napakamot na lamang siya sa ulo habang namumula.

“Huwag kang mag-alala, tuturuan kitang magbasa. Akong bahala sa’yo. Basta huwag kang malulungkot at huwag kang titigil sa pag-aaral. Ang lahat ng problema ay may solusyon. Kita mo ako, kanina malungkot pero ngayon, masaya na ako.”

Nabunutan ng tinik sa dibdib si Dindo. May pag-asa pang hindi siya tuluyang matigil sa pag-aaral. Nagpasalamat ito sa guro.

Kinausap ni Sir Bob ang mga magulang ni Dindo tungkol sa sitwasyon ng kanilang anak. Mula noon, palihim na nagpapaiwan sa paaralan si Dindo upang magpaturong magbasa kay Sir Bob sa loob ng dalawang oras sa *library hub*. Sa una ay mahirap ngunit naging matiyaga ang guro at naging matiisin naman si Dindo hangang sa isang buwan ang nakalipas.

“Ok *class*, oras na para sa inyong *group activity*. Gamitin ang *Manila paper* para pagsulatan ng inyong *output*. Idikit sa pisara at gawing gabay sa inyong pag-uulat sa klase,” paliwanag ng guro.

Makalipas ang tatlumpong minuto, oras na para sa pag-uulat. Ang grupo ni Dindo ang unang sasalang. Magsisimula na sana ang pangkat sa pagrereport nang biglang nagsalita si Sir Bob.

“Bago ang pag-uulat, gusto ko munang ipabasa sa isa sa inyong kagrupo ang mga nakasulat sa inyong *Manila Paper*. Maaari mo ba itong basahin Dindo?”


Natigilan si Dindo. Namula. Hindi siya nakahanda.

Nagsigawan naman ang buong klase. Sigawang tila may gustong mapatunayan. Papalakas nang papalakas ang hiyawan. Itinaas ni Sir Bob ang nakakuyom niyang mga kamay.

“Sandali lang, igalang natin at pakinggan si Dindo,” wika ng guro.

Tumahimik ang klase. Naghihintay. Gustong makatiyak kung marunong ngang magbasa si Dindo. Tatlong beses na napalunok ng kaniyang laway si Dindo bago nagsimulang magbasa. Tahimik ang lahat habang binabasa ni Dindo ang mga nakasulat sa *Manila Paper*. Nang matapos niya itong basahin ay nagpalakpakan at sigawan ang buong klase at *standing ovation* pa ang ilan.

“Ang galing!”



"Biro n'yo 'yon, marunong naman palang magbasa si Dindo."

"Masyado kasi kayong *judgmental*."

"Galing mo 'tol!"

Ang kaninang lihim na ngiti ni Titser Bob ay napalitan ng literal at abot taingang ngiti. Minsan pang nakasagip siya ng kinabukasan, dignidad, at pagkatao ng isang bata sa kaniyang nalalapit na pagreretiro.



Mula noon, naging masigla at masayahin si Dindo sa tuwing papasok sa klase.  Matuling lumipas ang mga araw, *graduation* na. Hindi man siya kasama sa *honor roll* o *top*, masaya siya sa naitulong nina Sir Bob at Ginang Clemente.  Daig pa niya ang *valedictorian* ang pakiramdam sa araw ng kanilang pagtatapos. Binigyan niya ng mga puting rosas si Ginang Clemente bilang pasasalamat. Ibinili naman niya ng isang *figurine* ng lalaking anghel si Sir Bob. Hinanap niya ang guro upang personal na maiabot ang kaniyang regalo at magpasalamat ngunit hindi niya ito makita sa *faculty room*, sa *quadrangle* at sa ilang gusali ng paaralan. Huli niyang tinungo ang *hydroponic garden* sa likod ng paaralan. Tama ang kaniyang hinala.

Nandoon si Sir Bob. Kung noong sinundan niya ito ay naramdaman niyang may mabigat na problema, lalo na ngayon. Umiiyak ang kaniyang guro na di niya mawari habang hawak ang isang tila matigas na papel. Hindi na siya nangiming lumapit sa guro.

"*Sir*, ok lang po ba kayo?"

Mga impit na iyak lamang ang narinig ni Dindo mula sa guro. Mga ilang sandali din ang lumipas bago umiling nang sunod-sunod ang guro. Ang mga impit na pag-iyak ay napalitan ng

hagulgol at singhot habang nakatingin sa isang litrato.  Batid ni Dindo na pamilya iyon ng kaniyang guro dahil nakayakap si Sir Bob sa isang babae at dalawang batang lalaki na halos kasing edad lamang niya.

"Ano po ang nangyari *sir*?"

"Iniwan na nila ako. Dinala na ni Mirabelle sa Canada ang mga anak ko."

"Babalik naman po sila *sir* di ba? Kaya 'wag na po kayong umiyak."

"Hindi Dindo. Hiniwalayan na ako ng asawa ko, ng pamilya ko."

"Pero, *sir*. . ."



"Alam kong hindi na sila babalik. Nag-*migrate* na sila. Ayaw nila sa akin dahil 'di ako tunay na lalaki," paliwanag ng guro kasunod ng matindi ngunit pigil na paghagulgol.

Natahimik si Dindo. Hindi niya alam kung ano ang isasagot sa guro.

"Natatakot ako Dindo. Wala na ang pamilya ko. Magreretiro na ako, wala akong sapat na ipon. Takot akong mag-isa. Ayokong tumigil sa pagtuturo pero hindi puwede. Ayokong maging walang silbi at pabigat sa lipunan."

Walang ginawa si Dindo kundi ang samahan at pakinggan ang guro sa oras ng kaniyang pagdaramdam. Naging malaking ginhawa ang presensiya ni Dindo sa pagdadalamhati ng guro. Iniabot ni Dindo sa guro ang kaniyang regalo saka nagpasalamat sa naitulong nito sa kaniya upang matutong bumasa.

"Walang anoman Dindo. *Congratulations* sa'yo at *graduate* ka na."

Inayos ng guro ang sarili, isinuot ang *mask*, at pagkaraan ay sabay silang nagtungo ni Dindo sa *stage* ng paaralan para magpakuha ng litrato kasama si Ginang Clemente at ilang mga kaklase. Bakas ang kasiyahan sa kanilang mga mukha.

Iyon na ang huling pag-uusap at pagkikita nina Dindo at Sir Bob. Pilit na nilibang ni Sir Bob ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng pagsali sa kung ano-anong mga programa sa komunidad. Natagpuan na lamang niya ang sarili na nakikiisa sa **Abot-Alam Program** ng DepEd sa baranggay Tumana. Dahil dito, hindi nagtuloy sa depresyon ang kaniyang naramdaman. Tatlong buwan pa ang lumipas, ganap nang retiro si Sir Bob sa edad na *sisenta y uno*. Kailangan na niyang harapin ang isa sa kaniyang kinatatakutan, ang maging walang silbi at pabigat sa lipunan. Buo na rin ang kaniyang desisyon. Kailangan niyang bumuo ng panibagong pamilya at makahanap ng gawaing mapagkakaabalahan.


Isang araw, habang abala si Sir Bob sa *wall* ng kaniyang *social media account*, nabasa niya ang isang *shared post* tungkol sa ulat ng World Bank kaugnay sa *learning poverty* sa buong mundo dahil sa pandemya. Sinasabi dito na hindi makabasa at hirap umunawa ang maraming mag-aaral. Ang nakalulungkot, kulelat ang ating bansa sa sampung mga bansa sa Asya tulad ng Singapore, South Korea, Japan, Vietnam, China, Thailand, Malaysia, Indonesia, India at Pilipinas. Nalungkot at napailing na lamang si Sir Bob sa nasabing ulat.

"Alam ko na, dito ako magsisimula," wika nito sa kaniyang sarili.

Napalitan ng tuwa ang lungkot ni Sir Bob nang biglang nag-*message* sa kaniyang *Messanger Account* ang dating asawa na si Mirabelle. "Kumusta? Sana ay ok ka na. Maraming-maraming salamat sa'yo sa lahat ng sakripisyo, pang-unawa, suporta, at pagmamahal sa amin ng mga bata. May ipinadala ako sa'yo na 25,000 *Canadian dollar* bilang pasasalamat sa lahat-lahat. Gamitin mo sa tama," *message* ni Mirabelle na may kalakip na *emoji* na nakangiti at saka *peace sign*.

Sa tulong ng perang ibinigay ng dating asawa at nakuha ni Sir Bob sa GSIS sa kaniyang pagretiro, bumili siya ng isang *second hand* na *mini-bus*. Ipinaayos niya ito, pinapinturahan ng makulay, nilagyan ng mga libro, *story books*, *folding tables*, at iba pa hanggang sa nagmukha itong isang *rolling library*.




Sinimulan niya ang adbokasiya sa pagpapabasa sa mga batang nasa kalye at hindi nag-aaral o nakapapasok sa paaralan. Sinimulan niyang imaneho ang kaniyang "Basa Trip."

Agaw pansin ang pagratsada ng "Basa Trip" sa kalsada dahil sa makulay nitong itsura. Sa una ay nahirapan si Sir Bob na makumbinse ng mga batang kalye na sumakay sa kaniyang *mini-bus*, mabuti na lamang at may isang estudyanteng nakasumbrero at nakauniporme ang pumara sa kaniya sa kahabaan ng J.P. Rizal *Street*.




"Puwede po ba akong sumakay at sumama sa biyahe ninyo *sir*?" Nakangiting tanong ng estudyante sabay tanggal ng kaniyang sumbrero. Si Dindo pala, na ngayon ay nasa ikapitong grado na sa hayskul.

“Ha ha ha, oo naman! Ikaw pa? Basta sasama ka lamang kapag wala kang klase at kailangan mong magpaalam sa mga magulang mo,” masayang sagot ng bahagyang nagulat na si Sir Bob. Nagkasundo ang dalawa at hindi naman naging hadlang ang mga magulang ni Dindo sa kaniyang pagsama sa adbokasiya ng dating guro.




Muling rumatsada ang “Basa Trip” sa kalsada. Habang nagdadrayb si Sir Bob, nagsilbing tila konduktor at *barker* naman itong si Dindo. Dahil nga bata at nakauniporme pa, madaling nakahatak ng mga batang sasakay si Dindo.

“O, sakay na kayo mga bata! Tuturuan namin kayong magbasa, may libreng meryenda at *field trip* pa! Ano pang hinihintay n’yo? Sakay na!” Masiglang pangungumbinse ni Dindo habang marahang umaandar ang *mini-bus*.



Bawat batang sumasakay ay inaabutan ni Dindo ng isang malinis na *face mask*. Sa wakas, nakumpleto din ng labing anim na bata na pumuno sa *mini-bus* ng “Basa Trip.” Inihinto ni Sir Bob ang sasakyan sa ilalim ng isang mapunong lugar at sinimulan nilang bigyan ng masustansiyang sopas at hopia mongo ang mga bata para magmeryenda bago magsimula ang pagbabasa.

Pagkaraan ay sinimulan na nila ang pagtuturo ng panimulang pagbasa sa mga hindi marunong magbasa at maunawang pagbasa naman sa mga marunong nang bumasa.

Lahat ng babasahing ginamit nila sa pagtuturo ay mga aklat, sulatin, lathalain, larawan, at *story books* tungkol sa lungsod ng Marikina. Ginawa ito ni Sir Bob upang maging lokalisado at madaling matutuhan ng mga bata ang kanilang binabasa. Kani-kaniyang kuha ang mga bata ng babasahing nais nila, ayon sa kanilang interes. Tuwang-tuwa ang mga bata sa kanilang ginagawa. Ramdam nila ang pagkatuto sa ganoong paraan. At dahil unang ratsada ng "Basa Trip," lahat ng lugar na nakita ng mga bata sa kanilang binasa ay pupuntahan nila.








Una nilang pinuntahan ang **Marikina Footwear Museum** na pinaglagakan ng mga sapatos ng dating Unang Ginang Imelda R. Marcos sa baranggay San Roque. Namangha ang mga bata sa dami, makukulay, iba't ibang disenyo at magagandang sapatos. Makikita din sa tabi ng *museum* ang isandaang taong gulang na puno ng *Acasia* na ibinuwal ng malakas na buhawi noong 2018.

Dinaanan na rin nila ang isa sa mga milagroso umano at lumang simbahan sa Marikina, ang **Our Lady of Abandoned Parish.**





Pagkaraan ay tumawid lamang sila sa kabilang kalsada upang marating ang **Sentrong Pangkultura ng Marikina** na dating bahay ni Don Laureano "Kapitan Moy" Guevarra na siyang kauna-unahang gumawa ng matibay at kilalang sapatos-Marikina.



Muli silang sumakay sa *mini-bus* at tinungo ang **Marikina River Park** na doon ay makikita ang **Marikina Chinese Temple Park, Zonta Club Dome, Estatwa ni Marikit**, at ang malinis na **Ilog-Marikina**. Masayang-masaya ang mga bata. Ngayon lang kasi nila nararating ang mga lugar na ito. Mas tumimo sa kanila ang mga binasa dahil nakita nila at napuntahan ang mga lugar na sinasbi doon.










Muli silang sumakay sa *mini-bus* at dinaanan ang pinakabagong atraksiyon, ang display ng 16 na **Mosaic Art** tungkol sa kalikasan na yari sa mga plastik at iba't ibang basura sa pangunguna ng iba't ibang mga baranggay sa lungsod. Narating nila ang destinasyon na **Riverbanks Center** na doon ay makikita ang pinakamalaking sapatos sa buong mundo.

"Ano, mga bata, handa na ba kayong makita ang pinakamalaking sapatos sa buong mundo?" Tanong ni Sir Bob.

"Opo!!!" Sabay-sabay na sagot ng mga bata.

Ilang sandali pa at kaharap na nila ang pinakamalaking sapatos sa buong mundo na may sukat na 5.29 metro ang haba, 2.37 na metro ang lapad, at 1.83 metro na taas. Kayang pagkasyahin ang tatlumpong tao sa loob ng napakalaking sapatos. Nanlaki ang mata ng mga bata. Di nila akalaing makikita ang napakalaking sapatos na ito. Kinuhanan sila ni Dindo ng mga larawan at *selfies* sa napakalaking sapatos.



“Hindi ba kayo nagugutom mga bata?” Tanong ni Sir Bob.

“Gutom na po!!!!” Ang malakas at sabay-sabay na sagot ng mga bata.

“Ha ha ha, sige kakain tayo doon sa Lilac Street, ang sumisikat na lugar dahil sa masasarap na pagkain dito sa Marikina pero bago ‘yon, dadaanan muna natin si Lolo Bert Reyes. Kabilang siya sa angkan ng mga Reyes na kilala sa bansag na “Angkan ng Agimat” dahil sa umano’y taglay na mga amuleto o agimat ng kanilang angkan. Aktibo silang sumasali sa **Ka-Angkan Festival** dito sa lungsod ng Marikina. Ok ba ‘yon mga bata?”

“Opo!!!”

“Dadaanan din natin ang Malanday na sinasabi sa **Alamat ng Tuwid na Pilapil sa Malanday**,” wika ni Dindo.

Muli silang sumakay sa *mini-bus*. Una nilang dinaanan ang Baranggay Malanday bago narating ang bahay ni Lolo Bert Reyes na aktibong kasali sa **Ka-Angkan Festival**. Picture-picture, kumustahan at tanungan lang tungkol sa agimat at agad din silang nagpaalam at natungo sa Lilac Street. Nakita ng mga bata ang iba’t ibang kainan sa nasabing kalsada. Kaliwa’t kanan ang kainan dito kaya lalong nagutom at natakam ang mga bata na kumain. Dinala sila nina Titser Bob at Dindo sa isang kainan na lutong bahay ang mga inihahain kabilang na ang mga ulam na tanging sa Marikina makikita tulad ng *Everlasting*, Waknatoy, *Pork Hamonado*, at iba pa. Nagdasal sa pangunguna ni Dindo ang mga bata bago kumain. Masaya silang kumakain na sarili ang mundo. Napuno ng ingay at kasiyahan ang *restaurant* sa mga sandaling iyon. Kapwa dama nina Dindo at Sir Bob ang kaligayahan sa kanilang ginawa. Hindi pinagsisihan ni Dindo ang pagsama sa adbokasiya ng kaniyang retiradong guro. Nahanap at nakabuo naman ng bagong pamilya si Sir Bob sa piling ng kaniyang “Basa Trip” kasama ng *parateacher* na si Dindo sa edad na labing tatlo. Nilisan nila ang bahay-kainan na puno ng halakhak sa piling ng mga paslit.



Sa daan ay nakakita sila ng isang grupo ng mga mag-aaral na nag-eensayo ng kanilang sayaw gamit ang naglalakihan at makukulay na *costumes* sa saliw ng mabilis na tambol at pito.

"Naghahanda sila para sa nalalapit na **Rehiyon-Rehiyon Festival**," wika ni Dindo. "Ihahatid na namin kayo sa malapit sa inyo-inyong bahay. Sa uulitn mga bata ha, tamang-tama, manonood tayo ng **Rehiyon-Rehiyon Festival** sa Linggo. Siyempre pagkatapos ninyong magbasa at mapuntahan ang iba pang mga lugar sa Marikina," natutuwang wika ni Sir Bob.

May kurot na naramdaman si Dindo sa mga nangyayari. Sumagi sa isip niya, kung hindi siya natutong magbasa sa tulong ni Sir Bob, kasama kaya siya sa biyaheng ito? Nagsimula siyang laging *bad trip*, at ngayon ay kasama na siya sa biyahe ng "Basa Trip."

"Sana'y dumami pa kaming kasama ni Sir Bob sa biyahe." ©



**SINOPSIS:**



**Laging *bad trip* si Dindo dahil sa patong-patong na alalahanin. Naging dahilan ang mga ito para mawalan siya ng interes na pumasok sa klase. Sa kaniyang biyahe bilang mag-aaral ay nakilala niya si Sir Bob, isang mabait at masayahing guro na inakala niyang makatutulong sa kaniyang sapin-saping problema ngunit nabigla siya sa natuklasan tungkol sa guro.**




**Ano-ano ang mga napatunayan ni Dindo sa mga gurong katulad ni Sir Bob? Saan kaya hahantong ang pagtatagpo at pagsasama sa biyahe ng mag-aaral na si Dindo at gurong si Sir Bob? ©**